★★ EVERY ★★

# KID IN A PARK




## Libreng Akses sa Mga Pederal na Lupa at Tubig para sa Mga Mag-aaral ng Grade 4 at Kanilang Mga Panauhin

Tagalog

## Isang mundong puno ng pagdunong, pagkatuklas at saya ang nag-aabang sa bawat bata!

Tinatawagan ang lahat ng mga mag-aaral ng Grade 4! Ano ang nalalaman mo tungkol sa mgapederal na lupa at tubig ng Amerika? Matatagpuanmo sila sa halos lahat ng panig! Mula sa Puerto Rico hanggang sa Maine at Virginia, hanggang sa Pacific Islands, ang ilan sa mga pinakamagagandang destinasyon ng Amerika ay nag-aabang lang na matuklasan mo sila.

Matuto tungkol sa iyong mana at makipag-ugnayan sa kalikasan habang ginagalugad ang higit sa 400 pambansang parke at milyun-milyong ektarya ng pederal na lupa at tubig. Bisitahin ang mga kaaya-ayang lugar tulad ng Land Between the Lakes, Channel Islands, ang St. Louis Arch, San Antonio Missions, ang bahay ni Frederick Douglass, Canyon of the Ancients, at ang Florida Keys. Makinig sa mga umaalulong na lobo, subaybayan ang mga bakas ng paa ng dinosauro sa panahong wala pang kasaysayan, taluntunin ang bakas nina Lewis at Clark, o tingnan ang madilim na langit sa gabi at abutin mo ang mga bituin!

*Pumunta sa www.everykidinapark.gov upang alamin ang higit pa tungkol sa kung paano makakuha at gamitin ang iyong pass, makatanggap ng tulong sa pagpaplano ng iyong biyahe, makatagpo ng mga magagamit na materyales na pang-edukasyon, at maghanap g mga numero ng telepono at address.*

**www.everykidinapark.gov**

## Iniimbitahan ang bawat mag-aaral ng Grade 4 sa US.

Sa pakikilahok sa programang *Every Kid in a Park*, maaari mong bisitahin ang iyong mga pederal na lupa at tubig ngayon at matuto tungkol sa kanila. Pasiklabin ang damdamin sa kasaysayan at kultura at simulan ang isang panghabang-buhay na malasakit sa pagligtas ng mga makabuluhang lugar. Alamin ang tungkol sa mga pagkakataon para sa mga aktibidad na pang-silid-aralan o mga paraan kung paano ka makikilahok sa pagpoprotekta sa mga espesyal na lugar na ito.

Simula sa ika-1 ng Setyembre ng 2015, kung ikaw ay isang mag-aaral ng Grade 4 sa US (kabilang ang mga home-schooled at free-choice na learner na 10 taong gulang) maaari mong i-download ang sarili mong voucher upang makakuha ng walang limitasyon at libreng akses sa alinman sa mga pederal na lupa at tubig sa loob ng isang taon!

## Kunin mo na ang iyong pass!

Simple lang ang pagkuha ng isang pass! Pumunta sa bahaging “Get Your Pass” sa www.everykidinapark.gov, tapusin ang isang online na laro, at i-download ang isang pinasadyang voucher para i-print at gamitiin sa mga pederal na lugar ng lupa at tubig. Ang voucher na papel na ito ay maaaring palitan ng isang mas matibay na Interagency Annual 4th Grade Pass sa ilang mga pederal na lugar ng lupa at tubig. Pumunta sa https://store.usgs.gov/pass/PassIssuanceList.pdf para sa isang kumpletong listahan ng mga lugar na nagbibigay ng mga pass.

Mangyaring direktang makipag-ugnayan sa isang pederal na lugar ng lupa at tubig kung may mga katanungan tungkol sa pagtanggap ng pass at mga bayad:

- Bureau of Land Management (www.blm.gov)
- Bureau of Reclamation (www.usbr.gov)
- U.S. Fish and Wildlife Service (www.fws.gov)
- National Oceanic and Atmospheric Administration (www.oceanservice.noaa.gov)
- National Park Service (www.nps.gov)
- U.S. Army Corps of Engineers (www.corpslakes.us)
- U.S. Forest Service (www.fs.fed.us)




## Sino ang kabilang sa voucher o pass?

Bilang isang mag-aaral ng Grade 4 na may voucher o pass, sinuman ang nasa sasakyan na kasama mo ay makakapasok nang libre sa mga
lugar na sumisingil sa bawat sasakyan. Kung bumibisita ng isang lugar na sumisingil sa bawat tao, hanggang tatlong kasamang may-gulang ang makakapasok nang libre kasama ang mag-aaral ng Grade 4 na may pass. Kung ang mag-aaral ng Grade 4 at ang kanyang pamilya ay nakasakay sa mga bisikleta, hanggang tatlong kasamang may-gulang ang kabilang din! Dapat naroroon ang mag-aaral ng Grade 4 upang gamitin ang pass.

Maaari ring makilahok ang mga tagapagturo! Mag-online na ngayon at pumunta sa www.everykidinapark.gov upang alamin ang higit pa.

EVERY KID IN A PARK

National Park Service • Forest Service
Army Corps of Engineers • Bureau of Land Management
Fish and Wildlife Service • Bureau of Reclamation
National Oceanic and Atmospheric Administration




## Makapasok nang libre!

Sa ilang mga pederal na lupa at tubig na walang tauhan, kailangang ipakita sa sasakyan ang isang balidong pass. Dapat ipakita ang Interagency Annual 4th Grade Pass sa rear view mirror gamit ang isang hangtag o sa dashboard. Kung ikaw, ang mag-aaral ng Grade 4, ay may isang voucher na papel, dapat ilagay ang voucher na ito sa dashboard nang nakikita ang bar code.

May matatagpuang mga kagamitan sa pagpaplano ng biyahe sa mga website na ito:

- www.everykidinapark.gov
- www.findyourpark.com
- www.discovertheforest.org
- www.recreation.gov

### Alamin ang Higit pa Tungkol sa Every Kid in a Park

Ang website ng Every Kid in a Park ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng isang voucher at pass, mga tip para sa pagpaplano ng biyahe, at kung paano makilahok. Mangyaring pumunta sa www.everykidinapark.gov o sundin ang EveryKidinaPark sa Facebook, Instagram, Twitter, at YouTube para sa karagdagang impormasyon.

Alamin ang higit pa sa www.everykidinapark.gov at sundin kami sa:

## Mga Madalas Itanong

T. Paano makakakuha ng voucher o pass ang mga mag-aaral ng Grade 4 sa US (kabilang ang mga home-schooled at free-choice na learner na 10 taong gulang)?
S. Sa pamamagitan ng pagpunta sa www.everykidinapark.gov, paglaro ng online na laro, at pag-download at pag-print ng isang pinasadyang voucher.

T. Ano ang sinasaklaw ng voucher o pass?
S. LIBRE ang pass at sinasaklaw nito ang mga bayad sa pagpasok at istandar na amenity sa lahat ng mga pederal na lupa at tubig para sa isang buong taon simula sa ika-1 ng Setyembre at nagtatapos ito sa ika-31 ng Agosto sa taong nag-aaral ka ng Grade 4. Hindi nito sinasaklaw ang mga bayad sa karagdagang amenity tulad ng camping, pamamangka, parking, mga espesyal na tour, mga bayad sa tagasaling-bigkas mga espesyal na pahintulot, o mga ferry. May mga pribadong konsesyoner din na namamahala ng ilang mga pasilidad at aktibidad sa mga pederal na lupa at tubig na maaaring hindi tanggapin ang pass. Mangyaring magtanong sa lugar na bibisitahin mo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtanggap ng pass.

T. Makakapasok ba ang higit sa isang sasakyan para sa iisang voucher o pass?
S. Hindi. Ang sasakyan lang ng may-ari ng pass ang makakapasok nang libre.

T. Maaari bang ipasok ng isang may-ari ng pass na nakasakay sa bisikleta ang mga kasamang kaibigan na nakasakay sa bisikleta?
S. Oo. Ang may-ari ng pass at hanggang tatlong kasamang may-gulang na siklista ay maaaring makapasok nang libre.

T. Maaari bang palitan ang isang voucher o pass na nawala o ninakaw? Maaari bang ma-track ang mga serial number?
S. Hindi. Dulot ng mga pagsasaalang-alang sa pagkapribado at lohistika, hindi maaaring palitan ang mga pass na nawala o ninakaw; dapat i-akses ang isang bagong voucher o pass sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng www.everykidinapark.gov at isagawa ang mga parehong aktibidad para makakuha ng isang bagong voucher na papel.

T. Kung makalimutan kong dalhin ang aking voucher o pass sa isang lugar at babayaran ko ang bayad sa pagpasok o paggamit, maaari ko bang ipadala ang resibo at isang xerox ng pass o voucher upang maisauli ang binayad ko?
S. Hindi isinasauli ang bayad. Hindi balido sa pagpasok ang mga xerox ng pass o voucher, elektronikong imahen, at hangtag na walang pass.

T. Maaari ko bang pahiramin ang isang voucher na papel o ang Interagency Annual 4th Grade Pass upang gamitin ng isang kaibigan?
S. Hindi. Dapat naroroon ka, ang may-ari ng pass (mag-aaral ng Grade 4), kapag gagamitin ang pass. Hindi ito maaaring ilipat sa iba.